# May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao at nagsasabi siya noon sa utusan niya: Kapag pinuntahan ka ng isang nagigipit, magpaumanhin ka sa kanya nang sa gayon si Allāh ay magpalampas sa atin. Makatatagpo niya si Allāh at magpapaumanhin sa kanya."

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao at nagsasabi siya noon sa utusan niya: Kapag pinuntahan ka ng isang nagigipit, magpaumanhin ka sa kanya nang sa gayon si Allāh ay magpaumanhin sa atin. Makatatagpo niya si Allāh at magpapaumanhin sa kanya."
[Tumpak.] [Napagkaisahan ang katumpakan.]

Ang kahulugan ng ḥadīth: "May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao" ay nangangahulugang: Nakikipagtransaksyon siya sa kanila sa pamamagitan ng pagpapautang o nagpapautang sa kanila ng paninda. Nagsasabi siya noon sa utusan niyang tumatanggap sa mga bayad ng mga utang ng tao: Kapag pinuntahan ka ng isang nagkautang at wala siyang maipambabayad sa utang dahil sa kasalatan niya, magpaumanhin ka sa kanya." Ito ay sa pamamagitan ng pagpapalugit sa kanya at hindi pangungulit sa pagsingil o sa pamamgitan ng pagtanggap sa anumang maibabayad niya kahit pa man may kaunting kulang ito. Ang "nang sa gayon si Allāh ay magpaumanhin sa atin" ay nangangahulugang: Magpaumanhin Siya sa atin dahil sa pagpapalampas natin sa kakulangan ng mga lingkod Niya, pagpapadali natin doon, at pag-alis ng kagipitan sa kanila. Ito ay dahil sa pagkakaalam niya na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay tumutumbas sa mga tao sa paggawa nila ng maganda sa mga lingkod Niya ng naaayon sa gawa nila, at dahil sa pagkakaalam niya na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay hindi magwawala sa kabayaran ng sinumang gumawa ng magandang gawa. Ang "Makatatagpo niya si Allāh at magpapaumanhin sa kanya" ay nangangahulugang: May paggagantimpala sa kanya dahil sa awa niya sa mga tao, kabaitan sa kanila, at pagpapagaan niya sa kanila. Ito ay gayong hindi siya nagkawanggawa kailanman. Nagpapautang siya noon sa mga tao at nagsasabi sa tauhan niya: Kunin mo ang madaling bayaran at hayaan mo ang mahirap bayaran. Noong pinag-isipan niya ng maganda si Allāh, pagkataas-taas Niya, at ginawan niya ng maganda ng mga lingkod ni Allāh, pagkataas-taas Niya, pinalampas ni Allāh ang mga masagwang nagawa niya. Ang ganti ay kabilang sa uri ng ginawa.